

ANG PROGRAMA NG SARILING PAGPAPASYA

MGA MADALAS ITANONG (MGA FAQ)

Mga Serbisyo at Suportang Pinopondohan sa Labas ng Pang-indibidwal na Badyet ng Kalahok

T1: Maaari bang magbigay ang Regional Center ng pagpopondo para sa mga serbisyo at suporta sa labas ng pang-indibidwal na badyet?

S1: Oo, may mga pagkakataon kung saan maaaring kailanganin ng kalahok ang mga karagdagang serbisyo at suporta na hindi matutugunan sa pamamagitan ng pang-indibidwal na badyet.

T2: Ano ang mga halimbawa ng mga serbisyo at suporta na maaaring pondohan sa labas ng pang-indibidwal na badyet?

S2: Tinukoy ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad (DDS) ang mga sumusunod na serbisyo at suporta:

1. Mga Co-Payment, Deductible, Co-Insurance
2. Mga Insentibo sa Mapagkumpitensyang Pinag-isang Trabaho (CIE)
3. Programa ng May Bayad na Pagsasanay (PIP)
4. Mga Bayad na Subsidyo sa Upa
5. Panlipunang Kitang Panseguridad (SSI) Pagpapanumbalik/Karagdagang Bayad ng Estado (SSP)
6. Gastos sa mga Serbisyo ng Pamamahala sa Pananalapi (FMS)
7. Mga Serbisyo ng Pinag-ugnay-ugnay na Suporta sa Pamilya (CFS)
8. Mga Pinag-ugnay-ugnay na Daan sa Karera

Higit pang tinukoy ng Harbor Regional Center ang mga sumusunod na serbisyo at suporta dahil sa hindi pa tinatanggap ng tagapagkaloob ang direktang pagbabayad mula sa pang-indibidwal na badyet:

1. Mga suporta sa krisis tulad ng CBEM at START
2. Mga kurso para sa Pangkat ng mga Serbisyo sa Pag-uugali (BST)
3. Mga gamot

T3: Paano kung ang iba pang mga serbisyo at suporta ay tinukoy na hindi nakalista sa itaas ngunit hindi maaaring mapondohan sa loob ng pang-indibidwal na badyet?

S3: Dahil madalas magbago ang mga patakaran/direktiba tungkol sa SDP, laging kumonsulta sa iyong tagapamagala ng mga serbisyo sa kliyente o miyembro ng pangkat na pinili ng kalahok kapag hindi malinaw sa iyo.

ANG PROGRAMA NG SARILING PAGPAPASYA

MGA MADALAS ITANONG (MGA FAQ)

Independiyyenteng Tagapangasiwa (IF)

T1: Ano ang Independiyyenteng Tagapangasiwa (IF)?

S1: Isang indibidwal na kinuha mo, upang tumulong sa:

- Paggawa ng mga may kabatirang desisyon tungkol sa iyong pang-indibidwal na badyet.
- Paghahanap at pag-uugnay ng mga serbisyo na tinukoy sa iyong IPP.
- Pagtukoy sa mga panandalian at pangmatagalang layunin.
- Pagbibigay sa iyo ng kapangyarihang itaguyod ang sarili.
- Pagkilos bilang miyembro ng mga sumusuporta sa iyo.
- Pagsuporta sa iyo sa pagkumpleto ng iyong plano ng paggasta.

Ang mga serbisyong ipinagkakaloob ng iyong IF ay maaaring iba-iba at dapat ka laging bumuo ng kasunduan sa kanila. Maaaring kabilang sa mga serbisyo ang:

- *Mga Plano ng Paggasta
- *Paghahanap ng mga Tagapagkaloob ng Serbisyo
- *Mag-uugnay ng mga Serbisyo
- *Pakikibahagi sa iyong IPP
- *Pagbibigay sa iyo ng kaalaman tungkol sa proseso ng SDP

T2: Magkano ang karaniwang gastos para sa Independiyyenteng Tagapangasiwa?

S2: Maaaring iba-iba ang mga singil at kailangang sinasang-ayunan mo. Ang karaniwang saklaw na nakikita natin sa Harbor ay sa pagitan ng \$50/oras- \$150/oras.

Mahalaga:

Ang Independiyyenteng Tagapangasiwa ay *hindi*:

- Tagagawa ng desisyon para sa iyo.
- Isang taong makakapagbigay ng isa pang serbisyo sa iyong plano ng paggasta sa labas ng pagiging independiyyenteng tagapangasiwa.
- Asawa o magulang ng menor de edad na tumatanggap ng mga serbisyo.